Republika ng Pilipinasas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-8 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 121-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HINIHILING SA PUNONG LUNGSOD ABGD. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA MAKAPAGSAGAWA NG ISANG 'TAGISAN NG TALINO' O QUIZ BEE NA LALAHUKAN NG MGA KABATAANG MALOLENYO NA NASA ELEMENTARYA, JUNIOR HIGH SCHOOL, AT SENIOR HIGH SCHOOL SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

**MAGKASANIB NA AKDA NINA:**
**KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**KAMAY-AKDA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos na ang bawat Kabataang Malolenyo ay may angking galing at talas ng memorya upang makipagsabayan sa isa't isa sa isang patimpalak na kung saan tagisan ng talino ang labanan;

**SAPAGKAT,** nakatuon ang bawat programa ng ating lungsod sa Patimpalak sa Pagandahan, mga Tunggalian sa Isports kagaya ng Basketball at Volleyball ngunit hindi na napagtutuunan ng pansin ang mga programang hahasa at kikilatis sa intelektuwal na aspeto ng bawat isang kabataang Malolenyo;

**SAPAGKAT,** ang mga lalahahok sa Tagisan ng Talino o Quiz Bee ng Lungsod ng Malolos ay bukas sa lahat ng mga akreditong Elementarya, Junior High School at Senior High School sa ating lungsod;

**SAPAGKAT,** maaaring isagawa ang nasabing kompetisyon bilang parte ng mga programa para sa Linggo ng Kabataan tuwing Agosto o kaya ay sa araw na itatakda ng ating Punong Lungsod Abgd. Christian D. Natividad

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

Narito ang mga tuntunin ng nasabing Tagisan ng Talino o Quiz Bee;

1. Ang bawat paaralang sasali bawat lebel ay lalahukan ng isang (1) opisyal na estudyante at isang (1) tagapagsanay (*coach*) na magpaparehistro sa nasabing kompetisyon bago dumating ang itinakdang araw ng *'Tagisan ng Talino' o Quiz Bee.*
2. Ang sakop ng Quiz Bee ay mga *General Education Subjects: English, Filipino, Science, Mathematics, Literature* at *Social Sciences.*
3. Ang kompetisyon ay magkakaroon ng tatlong bahagi: ang ***Elimination Round, Semi-Final Round*** at ang ***Final Round.***
4. Ang *Elimination Round* ay mayroong dalawampu't limang (25) tanong na may dalawang (2) puntos bawat isa; ang *Semi-Final Round* ay mayroong dalawampung (20) tanong na may tatlong (3) puntos bawat isa; at panghuli, ang *Final Round* na may labinlimang (15) tanong na mayroong limang (5) puntos bawat isa.
5. Ang bawat kalahok ay sasagot sa mga tanong sa pamamagitan ng pagsusulat sa isang *whiteboard* na ibibigay ng organizer ng *Quiz Bee.*
6. Sa Elimination Round, ang kalahating bilang na may pinakamataas na puntos ang siyang aabante sa Semi-Final Round.
7. Sa Semi-Final Round, ang may limang pinakamatataas na puntos ang maglalaban-laban para sa huling bahagi ng kompetisyon.
8. Ang bawat tanong ay babasahin ng Quiz Master ng dalawang beses lamang at matapos ang pangalawang pagbasa, ang Quiz Master ay magbibigay hudyat sa bawat kalahok na isulat na ang kanilang sagot sa kanilang whiteboard.
9. Matapos ang limitadong oras ng pagsagot ay sasabihin ng Quiz Master na itigil na ang pagsulat at itaas ang bawat *Whiteboard* ng mga kalahok na naglalaman ng kanilang mga sagot.
10. Sa Final Round naman, babalik sa 0 puntos ang bawat isang kalahok at matapos ito, ang kalahok na mayroong pinakamataas na puntos sa huling bahagi ang siyang tataguriang Kampeon ng Tagisan ng Talino o Quiz Bee.
11. Ang kampeon ng kompetisyon sa bawat lebel ay makakatanggap ng Certificate of Recognition na may kaukulang perang papremyo;

    - **Quiz Bee Champion** - **PHP20,000.00**
    - **First Runner-up** - **PHP15,000.00**
    - **Second Runner-up** - **PHP10,000.00**

12. Ang bawat kalahok na sumali ay magkakaroon ng isanlibong pisong (Php 1,000.00) bilang insentibo sa paglahok sa kompetisyong nabanggit.
13. Ang Punong Tagapagsanay (*Head Coach*) ng Kampeon ay makatatanggap ng *Certificate of Recognition* at lahat ng mga lumahok at kanilang mga tagapagsanay (*coach*) ay makakatanggap naman ng *Certificate of Participation.*

**DAHIL SA MGA NABANGGIT,** ang kapasiyahang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK B. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OLE
KASANGGUNI

KGG. EDUARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**<br>KASANGGUNI | **KGG. VICTORINO M. ALDABA III**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**

Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*081222022